



PATNUBAY SA MISA



19 Oktubre 2014

Ika-29 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taong A

LINGGO NG MISYONG PANDAIGDIG

Mga Debotong Katoliko at Mamamayang Tapat

Ngayong ika-29 na Linggo sa Karaniwang Panahon, hinahamon tayo ni Hesus na “ibigay sa Cesar ang sa Cesar, at sa Diyos ang sa Diyos.” Ibig sabihin nito’y pagsamahin natin sa isang maayos na katunayan ang mabubuting katangian ng mga tapat na mamamayan at debotong Katoliko.

Ang turo ng Simbahan tungkol sa dalawang aspetong ito ng ating buhay ay tiyak na gabay, ngunit magiging mabunga lamang ito kung ito’y ating isasabuhay. Nawa ang paglahok natin sa pagdiriwang ng Eukaristiyang ito ay maging pagpapatibay sa ating pangakong totoong magsikap para sa kabutihan ng Simbahan at ng ating bayan.

Ngayon ay Linggo ng Misyong Pandaigdig. Ialay natin ang Misang ito para sa mga misyonero at mga taong inaalagaan nila. Ipanalangin din natin sa Eukaristiyang ito, sa isang natatanging paraan, ang tagumpay ng Sinod tungkol sa Pamilya, na magtatapos ngayon.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang daing ko, Poong mahal, lagi mong pinakikinggan, hiling ko’y pinagbibigyan. Kami’y lagi mong titigan nang magkamit-kaligtasan.

Pagbati

P–Pagpalain ang Panginoong humirang sa ating maging kasapi ng ating lipunan at ng Simbahan. Ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat.

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Habang tayo’y naghahanda para ipagdiwang ang Eukaristiya, tanungin natin ang sari-sarili kung tayo ba’y naging tapat sa ating mga tungkuling pambayan at pan-relihiyon. (Manahimik saglit.)

P–Sa pagpapabaya nating makatulong sa pagbuo ng isang lipunang makatarungan, ma-

ayos, at malinis, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Sa pagpapakilala ng ating pagka-Katoliko hanggang sa pagsisimba lamang kung Linggo at pagdarasal, Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa pagpapangibabaw ng ating mga pansariling interes sa halip ng kapakanan ng bayan at ng Simbahan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin,

sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, gawin mong lagi naming matapat na sundin ang loob mo upang kami’y wagas na makapaglingkod sa iyo sa pamamagitan ni

Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. B–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Isa 45:1.4-6

Ang Panginoon ay siyang nakapangyayari sa kasaysayan. Siya ang naghahanda ng plano at nagpapatupad dito, kadalasan sa paggamit ng mga personal na plano ng bawat isa sa atin, hamak man o dakila.

L–Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Hinirang ng Panginoon si **Ciro** para maging hari upang lupigin ang mga bansa at alisan ng kapangyarihan ang mga hari. Ibubukas ng Panginoon ang mga pintong-bayan para sa kanya. Sinabi ng Panginoon kay **Ciro**: “Tinawag nga kita upang tulungan si Israel na lingkod, ang bayan kong hinirang. Binigyan kita ng malaking karangalan bagama’t di mo ako kilala. Ako ang Panginoon, ako lamang ang Diyos at wala nang iba. Palalaksin kita, bagama’t ako’y di mo pa kilala. Ginawa ko ito, upang ako ay makilala ng buong daigdig, na makikilala nila na ako ang Panginoon, ako lamang ang Diyos at wala nang iba.”

Ang Salita ng Diyos!

B–Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 95

B–*Dakilang kapangyarihan ng Panginoon’y idangal!*

R. M. Velez



Da-ki-lang kapangya-rihan ng Pa-



ngi-no-o'y i-da-ngal!

* **Purihin ang Panginoon**, awitan ng bagong awit; Panginoon’y papurihan nitong lahat sa daigdig! Kahit saa’y ipahayag na Panginoon’y dakila, sa madla ay ipahayag ang dakila niyang gawa. **B**.

* **Ang Poon ay tunay na dakila**, marapat na papurihan; higit sa sinu-

mang diyos, siya’y dapat katakutan. Ang diyos ng sanlibuta’y pawang mga diyus-diyusan; ang Poon lang ang may likha ng buong sangkalingitan. **B**.

* **Ang Panginoon’y purihin ng lahat sa daigdig!** Purihin ang lakas niya at ang kanyang kabanalan! Ang pagpuri ay iukol sa pangalan niyang banal, dumulog sa kanyang templo’t maghandog ng mga alay. **B**.

* **Kung ang Poon ay dumating, sa likas n’yang kabanalan, humarap na nanginginig ang lahat sa daigdig.** “Ang Poon ay siyang hari,” sa daigdig ay sabihin, sa paghatol sa nilikha, lahat pantay sa paningin. **B**.

Ikalawang Pagbasa 1 Tes 1:1-5

Ang pananampalataya ng mga unang Kristiyano ay naka-sentro kay Kristo at nakaugat sa Banal na Santatlo. Mahihinuha natin ito sa pambungad ng Unang Liham ni Pablo sa mga mananampalataya ng Tesalonica.

L–Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Tesalonica

Mula kina Pablo, Silas at Timoteo: Sa simbahan sa Tesalonica – mga hinirang ng Diyos Ama at ng Panginoong Hesukristo: Sumainyo nawa ang pagpapala at kapayapaan.

Lagi kaming nagpapasalamat sa Diyos dahil sa inyo at tuwina’y isinasama namin kayo sa aming dalangin. Ginugunita namin sa harapan ng ating Diyos at Ama ang inyong mga gawang bunga ng pananampalataya, ang inyong mga pagpapagal na udyok ng pag-ibig, at ang matibay ninyong pag-asa sa Panginoong Hesukristo.

Nalalaman namin, mga kapatid, na kayo’y hinirang ng Diyos na nagmamahal sa inyo. Ang Mabuting Balita na lubos naming pinaniniwalaan ay ipinahayag namin sa inyo hindi sa salita lamang. Ito’y may kapangyarihan at patotoo ng Espiritu Santo.

Ang Salita ng Diyos!

B–Salamat sa Diyos!

Aleluya Fil 2:15.16

B–**Aleluya! Aleluya!**

Sa daigdig ay laganap, liwanag na sumisikat, salitang buhay ng lahat. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 22:15-21

Ang mga Pariseo ang pina-

kamapilit sa mga kalaban ni Hesus. Ngayon, makikita silang kaanib ng mga kasama ng mga tauhan ni Herodes para hulihin si Hesus sa isang tanong na kanilang patibong. Ngunit sa sagot ni Hesus, sila ay nabigo; sila at tayo man ay pinaaalalahanang tumupad sa ating mga tungkulin sa Diyos at sa bayan.

P–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo **B**–**Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, umalis ang mga Pariseo at pinag-uusapan kung paano nila masisilo si Hesus sa kanyang pananalita. Kaya pinapunta nila sa kanya ang ilan sa kanilang mga alagad, kasama ang ilang tauhan ni Herodes. Sinabi nila, “Guro, nalalaman naming kayo’y tapat, at itinuturo ninyo nang buong katotohanan ang ibig ng Diyos na gawin ng mga tao. Wala kayong pinangingimian sapagkat pareho ang pagtingin ninyo sa tao. Ano po ang palagay ninyo? Naaayon ba sa kautusan na bumuwis sa Cesar, o hindi?”

Ngunit batid ni Hesus ang kanilang masamang layon kaya’t sinabi niya, “Kayong mapagpaimbabaw! Bakit ibig ninyo akong siluin? Akin na ang salaping pambuwis.” At siya’y binigyan nila ng isang denaryo. “Kanihong larawan at pangalan ang nakaukit dito?” tanong ni Hesus.

“Sa Cesar po,” tugon nila. At sinabi niya sa kanila, “Kung gayon, ibigay ninyo sa Cesar ang sa Cesar, at sa Diyos ang sa Diyos.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B–**Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B–Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit.

Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Ipinaaalaala sa atin ngayon ang ating tungkuling pambayan at panrelihiyon. Sa pagdarasal natin para sa biyayang mahusay nating magampanan ang mga ito, alalahanin natin sa natatanging paraan ang lahat ng nahihirapan sa pagtupad dito. Maging tugon natin ay:

B –Panginoon, dinggin mo kami!

* Para sa Simbahang panlahat: Nawa maging malaya siyang magpahayag at magtaguyod sa mga pagpapahalaga ng Ebanghelyo sa lahat ng lipunang pambayan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, mga kura paroko, at iba pang pinunong panrelihiyon: Nawa matagumpay nila tayong gabayan sa pinakamahusay nating pagtupad sa ating mga tungkuling pambayan at panrelihiyon. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating mga pinuno sa pamahalaan at lahat ng iba pang pinunong pambayan: Nawa gabayan nila tayo sa pamamagitan ng kanilang katapatan at karangalan sa pagtupad ng ating mga tungkulin sa Diyos at sa bayan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng Obispo at iba pang pinunong panrelihiyon sa Sinod sa Pamilya: Nawa ang kanilang mga pagninilay ay magbunga, sa lahat ng pamayanang Kristiyano, ng pagbabago sa pamilya at lakas upang ipalaganap ang pag-ibig ng Diyos sa lahat. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating mga misyonero sa buong daigdig: Nawa itulot ng Diyos na magbunga ang kanilang mga pagsisikap, bigyan sila ng lakas para malampasan nila ang

lahat nilang kahirapan, at gantimpalaan sila ng buhay na walang hanggan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating pamayanan: Nawa lahat tayo’y laging makatupad sa ating mga tungkulin bilang mga mamamayang tapat at mabubuting Katoliko, at sa gayo’y makatulong sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos sa lupa. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil saglit.*) Manalangin tayo! **B.**

P –Panginoong Diyos, salamat sa paghirang Mo sa amin bilang mamamayan ng aming bansa at kaanib ng Iyong Simbahan. Pagkalooban Mo nawa kami ng higit na pagpapahalaga sa dalawang kaloob na ito at ibayong pananabik na makatulong para sa kapakanan ng dalawang ito sa pamamagitan ng ulirang pagganap sa aming mga tungkulin sa Diyos at sa bayan. Isinasamo namin ito sa ngalan ni Hesus na aming Panginoon. **B** –Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P –Manalangin kayo . . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, ipagkaloob mong ikaw ay aming kusang mapaglingkuran sa paghahain namin ng mga alay na iyong bigay upang kami’y dalisayin ng iyong pagmamahal sa paglilingkod namin ngayong ginaganap ang banal na pagdiriwang sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B** –Amen!

Prepasyo IV

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesuskristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa na-

ming maaasahan upang may ma-
ngunang umako sa pananagutan
dahil hangad mong magbago
ang kinamihansang pagkakanya-
kanya ng sangkatauhan. Bunga
ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang
kamatayan ay kanyang nalupig
kaya’t siya ang aming Daan para
aming masapit ang iyong tapat at
maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na
nagsisiawit ng papuri sa iyo nang
walang humpay sa kalangitan,
kami’y nagbubunyi sa iyong
kadakilaan:

B –Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B –Sa krus mo at pagkabuhay
kami’y natubos mong tunay,
Poong Hesus naming mahal,
iligtas mo kaming tanan ngayon
at magpakailanman.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at
ang kapangyarihan at ang kapu-
rihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P – Ito si Hesus, ang Kordero ng
Diyos na nag-aalis ng mga kasala-
nan ng sanlibutan. Mapalad ang
mga inaanyayahan sa kanyang
piging.

B – Panginoon, hindi ako kara-
pat-dapat na magpatuloy sa iyo
ngunit sa isang salita mo lamang
ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang
awiting nakahanda.*)

Ang sa D’yos nagtitiwala ay
kanyang kinakalinga sa pag-ibig
n’yang dakila nang h’wag magutom
na lubha at upang hindi manghina.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal,
gawin mong sa aming banal na
pakikinaabang kami ngayon ay
iyong matulungan at mahubog
para mamuhay sa kalangitan sa
pamamagitan ni Hesuskristo kasa-

ma ng Espiritu Santo magpasa-
walang hanggan.

B– Amen!

PAGWAWAKAS



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo at ipanala-
ngin ang pagpapala ng Diyos.
(*Tumahimik sandali.*)

Tulungan nawa kayo ng Diyos

sa inyong pagiging debotong
Katoliko at tapat na mama-
mayan.

B–Amen!

P–Iligtas Niya nawa kayo sa
lahat ng panganib at itaguyod
ang lahat ninyong tapat na
pagsisikap.

B–Amen!

P–Pag-ibayuhin Niya nawa
ang inyong pagmamahal sa
Eukaristiya at tibayan nawa
kayo ng Kanyang biyaya para

sa inyong katapatan sa Sakra-
mentong ito sa inyong buhay.

B–Amen!

P–Pagpalain nawa kayo ng maka-
pangyarihang Diyos: Ama,
Anak, at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan
at maging kasangkapan nawa
kayo ng pag-ibig ng Diyos
para sa lahat.

B–Salamat sa Diyos!

PAGSASANAY SA PAKIKILAHOK

Kung ilang siglo nang nakatuon ang mga Kristiyano
sa “**pagbibigay sa Diyos ng sa Diyos.**” Nangunguna
sa pagpapahalaga rito, gayon din sa pag-iiksamen sa
kanilang konsiyensiya, ang pagtupad sa mga tungkuling
panrelihiyon. Sa kanila rin nanggaling ang batayang kikilala
kung sila’y tapat na Katoliko o hindi.

“Ibigay sa Cesar ang sa Cesar” ay karaniwang ipina-
kahulugang pagbabayad ng buwis at pagsunod sa mga
batas ng bayan na ipinahayag ng marapat na nanunung-
kulan. **Ang katarungan at pagsunod sa marapat na
kapangyarihan ay dalawa lamang aspeto ng ating mga
tungkuling pambayan.** Mahalaga’t mahirap man ang
dalawang ito, may iba pang mga paraan na inaasahan sa
ating pagtulong sa pagpapairal ng isang higit na makatao’t
makatarungang lipunan.

Mahaba ang listahan: **pag-ibig sa bayan at pang-
kulturang pagpapahalaga nito, malasakit sa kapaligi-
ran, katapatan, mabuting halimbawa, mga mungkahing
pantulong, pag-iwas sa aksaya, pagsisikap, pagturing
sa buong bansa bilang “pinalawak nating pamilya”**
. . . . Ilan lamang ito sa mga paraan ng “pagbibigay sa
Cesar ng sa Cesar” – ilang aspeto ng pagiging “mabuting
mamamayan” ngayon.

Higit ding malawak ang saklaw ngayon ng katawagang
“**mabuting mamamayan**” kaysa noong araw. Ibig sabihin
nito’y pagiging masigla’t responsable sa pamilya ng mga
bansang bumubuo sa sangkatauhan – **nagpapahalaga sa
mga pag-asa, mithiin, at kahirapan ng bawat nilalang
at lipunan.**

**Dapat nating iwan ang ating sari-sariling “pugad”
at makilahok nang lalong malawakan.** Dapat tayong
matutong managot para sa daigdig sa lahat nitong aspeto
sapagkat ito’y sa atin – ang daigdig na ipinagkatiwala ng
Diyos sa ating pangangalaga upang gawin natin itong
“halimbawang balangkas ng Kaharian.”

Di lamang pinagtibay itong “bagong oryentasyon” ng
Vatican II at mga kasunod na pahayag ng turo ng Simbahan,
kundi higit pa itong nililinaw. Ipinahayag nilang **tiyak na
tungkulin ng laikong Katoliko na maging kabahagi’t
kalahok** – at sa katunayan pa nga’y manguna – **sa pag-**

papairal ng lalong mabuting daigdig. Ito ang kanilang
misyon. Sa pagtupad sa gayong “misyon sa daigdig,”
makatutulong sila sa pagsapit ng Kaharian ng Diyos dito sa
lupa, at sa gayo’y magtamo ng kanilang sariling kabanalan.

**Walang maaaring maging mabuting Kristiyano
nang di nagsisikap maging mabuting mamamayan
ng kanyang bayan at ng “pamilya ng mga bansa.”** Tayo’y
dapat na maging lubos na kalahok. Tungkulin natin
ito sa ating sarili, sa lipunan, sa Simbahan. Makapagsi-
simula tayong “magbigay sa Diyos ng sa Diyos” sa pama-
magitan lamang ng “pagbibigay sa Cesar ng sa Cesar.”

PAMBANSANG PANALANGIN PARA SA PAGDALAW NG SANTO PAPA

(*Darosalin bago ang Panalangin Pagkapakinabang
sa bawat Misa hanggang Enero 14, 2015*)

B– Diyos ng awa at pagmamahal, lumalapit kami sa inyo
sa aming pangangailangan at itinataas sa iyo ang aming
bansa samantalang naghahanda kami sa pagdalaw ni Papa
Francisco.

L– Sa bawat kahilingan, ating itutugon:

B– *Basbanan mo ang lyong Simbahan, Panginoon!*

L– Upang kami ay maging matapat sa Santo Papa, ang
Kinatawan ni Kristo sa lupa. **T.**

L– Upang manabik kami na makatagpo at makinig kay Papa
Francisco. **T.**

L– Upang kami’y maging mapagmalasakit sa mga dukha at
nangangailangan. **T.**

L– Upang kami’y maging maawain sa mga mahihina at
nawawala. **T.**

L– Upang maging mapagpakumbaba kami na ikumpisal ang
aming mga kasalanan at magbalik-loob sa Diyos. **T.**

L– Upang kami’y malimit at mataimtim na tumanggap ng
Banal na Komunyon. **T.**

L– Manalangin tayong.

B– Gawin mo aming Ama, kaming lahat ay lyong mga anak.
Gawin mo kaming bansang mahabagin at mapagmalasakit na
nananabik makatagpo si Papa Francisco. Gawain Mo kaming
bansa ng mga banal at bayani sa pamamagitan ni Kristong
aming Panginoon. Amen!



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan